



## Nagkakaisang Sambayanan ng Paskuwa

(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gawa 4:32-35)

#### *Ang Komunidad*

<sup>32</sup>NAGKAISA ang damdami't isipan ng lahat ng sumasampalataya at di itinuring ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat.

#### *Ang mga Apostoles*

<sup>33</sup>Ang mga apostol ay patuloy na gumagawa ng kababalaghan at nagpa-patotoo sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At ibinuho ng Diyos ang kanyang pagpapala sa kanilang lahat.

#### *Ang Komunidad*

<sup>34</sup>Walang nagdarahop sa kanila,

#### *Ang Paliwanag*

sapagkat ipinagbibili nila ang kanilang lupa o bahay, <sup>35</sup>at ang pinagbilhan ay ibinigay sa mga apostol. Ipinamamahagi naman ito ayon sa pangangailangan ng bawat isa.

Tema: **Ang Komunidad ng mga Tagapagsunod kay Kristo**



### PAGPAPALIWANAG

- Inilalarawan ng Unang Pagbasa ang buhay ng mga sinaunang komunidad ng mga Kristiyano (bb. 32 at 34). Ipinapakita din ang buhay ng mga apostoles. (b. 33).
- Ang komunidad ng mga mananampalataya: nagkakaisa, pantay-pantay (walang mayaman, walang dukha, walang kapos palad), mapagbigay, hindi nakapako ang atensyon sa ari-arian, maka “bayan.”
- B. 34 ay naglalarawan ng kongkretong pagkapantay-pantay ng lahat.
- Naghahangad ang mga mayaman na maging dukha; ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at ibinigay ang kita sa mga apostoles na nagbabahagi nito sa iba.
- Hindi lamang nagpatotoo ang mga apostoles

sa pagkabuhay ni Kristo kundi namamahagi din sila ng mga ari-arian.

### **PAGNINILAY**

Tumugon ang mga Kristiyano sa isang pagkilos na pangkomunidad. Nabuo nila ang pamayanan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang ari-arian sa kapwa Kristiyano.

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 117) BUTIHING POO'Y PURIHIN, PAG-IBIG NIYA'Y WALANG MALIW.**

#### **IKALAWANG PAGBASA (1 Jn 5:1-6)**

<sup>1</sup>MINAMAHAL kong mga kapatid, inaaring mga anak ng Diyos ang sumasampalatayang si Hesus ang Mesiyas; at sinumang umiibig sa ama ay umiibig din sa mga anak. <sup>2</sup>Ito ang palatandaang iniibig natin ang mga anak ng Diyos: kapag iniibig natin ang Diyos at tinutupad ang kanyang mga utos, <sup>3</sup>sapagkat ang tunay na umiibig sa Diyos ay yaong tumutupad ng kanyang mga utos. At hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos <sup>4</sup>sapagkat napagtatagumpayan ng bawat anak ng Diyos ang sanlibutan at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. <sup>5</sup>Sino ang makapagtatagumpay laban sa sanlibutan? Ang sumasampalatayang si Hesus ang Anak ng Diyos.

<sup>6</sup>Si Hesukristo ang naparito sa sanlibutan, bininyagan sa tubig, at nagbubo ng kanyang dugo sa kanyang kamatayan—hindi lamang bininyagan sa tubig, kundi nagbubo pa ng kanyang dugo. Ang Espiritu ang nagpapatotoo tungkol dito, sapagkat ang Espiritu ay katotohanan.

Tema: **Bilang Anak ng Diyos**

### **PAGPAPALIWANAG**

• Ang buong pagbasa ay napaloob sa

paglalarawan ng Anak ng Diyos.

- Ikaw ay Anak ng Diyos kung naniniwala ka na si Hesus ay ang Kristo. Mahal mo ang Diyos. Tinutupad mo ang kanyang mga Atas o Utos. Nalupig mo na ang mundo.
- Nagtagumpay ka kung ikaw ay naniniwalang si Hesus ay Anak ng Diyos. Ang tagumpay ay tumutukoy sa Muling Pagkabuhay ni Hesus.
- Hesu-Kristo mismo ay naging Anak ng Diyos sa pamamagitan ng tubig at dugo (na dumaloy sa kanyang tagiliran nang siya ay ipinako sa krus).
- Ang Espiritu Santo ang nagpapatunay, nagpapatotoo ng pagiging Anak ni Hesus na siyangmangyayari din sa ating kalagayan: Tayo ay Anak ng Diyos.

### **PAGNINILAY**

Tayo ay mga Anak din ng Diyos kung tayo ay maninilawala. Alalahanin ang pangungusap sa Panimula ng Ebanghelyo ni Juan (Sa lahat na tumanggap sa kanya sa pananalig sa kanyang Pangalan, binigyang-kakayahan nga niya sila na maging mga anak ng Diyos.)

### **MABUTING BALITA (Jn 20:19-31)**

*Ang Tagpo: Linggo, nakatrangka ang mga pintuan, pagpapakita at pagbati ng kapayapaan*

<sup>19</sup>KINAGABIHAN ng Linggo ding iyon (*unang linggo ng muling pagkabuhay ni Hesus*), ang mga alagad ay nagkakatiapon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang (*mga disipulos dahil ang mga apostoles ay nasa Jerusalem pa*) pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio (*ang mga pinuno na nag-utos na patayin si Hesus*). Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. (*Ang kapayapaan*)

na ito ay mula sa kapangyarihan ng muling nabuhay na Kristo. Kaya hindi dapat matakot ang mga tagasunod ni Kristo. Ang kapayapaan ay ang kabaligtaran ng takot)<sup>20</sup>Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. (*may ibang galak!*)<sup>21</sup>Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” (*Isinugo sila sa isang misyon; kailangan nilang lumabas sa kanilang mga pinagkublihan*)<sup>22</sup>Pagkatapos, sila’y hiningahan niya (*katulad noong paglikha ng Diyos sa tao, hiningahan niya ang lupa*) at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo.”<sup>23</sup>Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.” (*Patawarin ang mga pumaslang kay Hesus at mga nangbubully sa mga tagasunod. May kapangyarihan sila sa mga makakasalanan.*)

### **Ang Nagdududang si Tomas**

<sup>24</sup>Ngunit si Tomas na tinaguriang Kambal (*Didymus sa griyego*), isa sa Labindalawa, ay wala roon nang dumating si Hesus.<sup>25</sup>Kaya’t sinabi sa kanya ng ibang alagad, “Nakita namin ang Panginoon!” Sumagot si Tomas, “Hindi ako maniniwala hangga’t di ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at naisusuot dito ang aking daliri, at hangga’t hindi ko naipapasok ang aking kamay sa kanyang tagiliran.” (*Para kay Tomas, hindi lang to see is to believe! Kundi, maniniwala lang siya kung mahahawakan niya ang sugat. Napaka loaded, ang laking pagdududa. Pero kaya kaya ni Tomas na ibahagi sa kanya ang sugat?*)

**Ang Tagpo: Sumunod na Linggo, nakatrangka ang mga pintuan, pagpapakita at pagbati ng kapayapaan**

<sup>26</sup>Makalipas ang walong araw, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad (*Nagkatipon pa rin. Baka hindi na dahil sa takot kundi sa pag-aantay kay Hesus*); kasama nila si Tomas. Nakapinid ang mga pinto, ngunit pumasok si Hesus at tumayo sa gitna nila. Sinabi niya, “Sumainyo ang kapayapaan!” (*pangatlong beses na*)<sup>27</sup>Saka sinabi kay Tomas, “Tingnan mo ang aking mga kamay at ilapit dito ang iyong daliri. Ipasok mo ang iyong kamay sa aking tagiliran (*tingnan ang daliri, at ipasok ang kamay sa tagiliran=hawakan. Di ba yon ang gusto ni Tomas?*) Huwag ka nang mag-alinlangan, maniwala ka na.”

### **Ang Naniniwalang si Tomas**


<sup>28</sup>Sumagot si Tomas, “Panginoon ko at Diyos ko!” (*Isang sagot na katangi-tangi. Hindi natin ito narinig sa ibang mga tagapagsunod kay Kristo. Hindi na ipinakita kung talagang ginawa ba ni Tomas ang paanyaya ni Hesus. Mahalaga ang sagot ni Tomas*)<sup>29</sup>Sinabi sa kanya ni Hesus, “Naniniwala ka na ba sapagkat nakita mo ako? Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita.” (*Matimbang ang turo ni Hesus kay Tomas at sa atin din na mga kambal ni Tomas sa pananampalataya: Ang maniwala kahit walang nakita at nahahawakan. Ano ba ang ating pinanghahawakan?*)

### **Ang Silbi ng mga Kababalaghan: Pagtitiwala at Pagkaroon ng Buhay**

<sup>30</sup>Marami pang kababalaghang (*ang mga pagpapakita ay tinaguriang mga kababalaghan*) ginawa si Hesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi natatala sa aklat na ito.<sup>31</sup>Ang mga natala rito’y sinulat (*pinanapaalala tayo na binabasa natin ito*) upang sumampalataya kayong si Hesus ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos, at sa gayo’y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...

ROMAN MISSAL  
NA ENGLISH AT  
FILIPINO



### PANALANGIN BAGO BASAHIN ANG BANAL NA SALITA

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.


*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

### PANALANGIN PAGKATAPOS BASAHIN ANG BANAL NA SALITA

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...*

*(mula sa Prayers of the Pauline Family)*



Tema: **Maniwala sa Panginoon na Muling Nabuhay!**

### PAGNINILAY

Kahit na walang nakita at nahahawakan, nadarama ba natin ang paglago ng ating pananampalataya kay Hesus?

## II. PAG-UUGNAY

Naglalarawan ang Unang Pagbasa ng isang pamumuhay na nakaugat sa Muling Pagkabuhay ni Hesus.

Ang Ikalawang Pagbasa ay lalong nagpapakita sa ating kongkretong pamumuhay bilang Anak ng Diyos ang pagtatalaga ng ating pananampalataya kay Hesus.

At ang Mabuting Balita ay naghihikayat ng paniniwalang malaliman sa isang Panginoong Muling Nabuhay.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Paano natin pinapakita ang ating buhay Kristiyano na nakaugat sa Muling Pagkabuhay ng Panginoong Hesus?

Teksto: **Fr. Cielo Almazan, OFM**  
Isinalin ni *Br. Hansel Mapayo, SSP*